## Oryentasyon

**BISYON**

Ang Laguna State Polytechnic University ay Sentro ng Pag-unlad na magpapabago sa mga buhay at pamayanan.

**MISYON**

Ang LSPU ay naglalaan ng may kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng nakatutugong pagkatuto, natatanging pananaliksik, matatag na paglilingkod pangka-ugnayan at pamproduksyon para maiangatang kalidad ng buhay.

**QUALITY POLICY**

We at LSPU are committed with continual improvement to provide quality, efficient and effective services to the university stakeholders' highest level of satisfaction through a dynamic and excellent management system imbued with utmost integrity, professionalism and innovation.

## Kahulugan ng Wika

•Ang wika ay isang bahagi ng pakikipagtalastasan na ginagamit araw-araw.

•Kalipunan ito ng mga simbolo, tunog, at mga kaugnay na bantas upang maipahayag ang nais sabihin ng kaisipan.

•Tinatayang nasa pagitan ng 6,000 hanggang 7,000 ang
mga wika sa daigdig.

•**Henry Gleason**

-ang wika ay isang sistematik na balangkas ng mga binibigkas na tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upangmagamit ng mga taong may iisang kultura.

•**Archibald Hill**

-ang wika ang pangunahin at pinakamabusising anyo ng gawaing pansagisag ng tao.

•**Thomas Carlyle**

## Kahulugan ng Wika (cont)

-ang wika ay itinuturing na saplot ng kaisipan; gayunpaman, mas angkop marahil sabihing ang wika ay ang saplot-kaalamnan, ang mismong katawan ng kaisipan.

•**Vilma Resuma at Teresita Semorlan**

-ang wika ay kaugnay ng buhay at instrumento ng tao upang matalino at efisyenteng makilahok sa lipunang kinabibilangan.

•**Pamela Constantino at Galileo Zafra**

-ang wika ay isang kalipunan ng mga salita at ang pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga ito
para magkaunawaan o makapagkomyunikeyt ang isang grupo ng mga tao.

•**Caroll (1973)**

-wika ay masistemang estruktura ng sinasalitang tunog at pagsasaayos nito sa paraang arbitraryo upang makamit sa interpersonal na pakikipagkomunikasyon at ang makabuluhang pagsasama-
sama ng mga bagay, pangyayari at mga karanasan ng sangkatauhan.

•**Basil Bernstein**

-ang wika bilang sistema ng mga tuntunin, ay nagrerepresenta ng mga code. Ang mga code na ginagamit ay naaayon sa kinabibilangan sa lipunan.

-Naniniwala siyang nagkakaiba ang ginagamit na wika dahil sa mga hadlang sa pagkakaiba sa antas ng mga taong nabibilang sa isang lipunan.

•**Benjamin Lee Whorf**

-ang wika ay binubuo ng mga payak na salitang nalilikha dahil sa pagtugon ng tao sa
kaniyang kapaligiran.

•**Edward Sapir**

-ang wika ay pantao at likas ang paggamit ng tao sa wika.

## Kahulugan ng Wika (cont)

-Ginagamit niya ang wika bilang kasangkapan sa sosyalisasyon na kung walang wika, walang iiral na relasyong sosyal.

-Gumagamit ang mga tao ng mga simbolismo upang makipag-ugnayan sa iba na nagbubunga ng pagkakaroon ng solidaridad at pagkakaisa ng mga tagapagsalita ng naturang wika.

•**Chomsky**

-ang wika bilang isang sitema ay may kaugnayan sa kahulugan at kabuluhan.

-Dagdag pa niya, ang wika ay isang penomenang mental kung saan ito ay likas sa tao at dahil sa kalikasan nito, may kakayahan siyang matuto ng wika.

## KATANGIAN NG WIKA

•May sistematik na balangkas

•Binibigkas na tunog

•Pinipili at isinasaayos

•Arbitraryo

•Kapantay ng kultura

•Patuloy na ginagamit

•Daynamik

## KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA

**PANAHON NG KATUTUBO 800 B.C. – 800 A.D.**

•Syllabic writing o pagpapantig (Sanskrit, Alibata o Baybayin)

Natuklasan ang espisimen sa isang banga na may nakaukit na mga sinaunang letra.

•Naibahagi ang mga salitang: dala, anak, asawa, diwa, biyaya, puri, masama, wika, aklat, galit, sadya, sandata, mutya, panday at salita.

•**Baybayin o Alibata** ang tawag sa katutubong paraan ng pagsulat.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

### KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA (cont)

-Binubuo ito ng lapimpitong (17) titik: tatlong (3) patinig at labing-apat (14) na katinig.

**PANAHON NG KASTILA 1565-1872**

•March 15, 1521–Dumating si Magellan sa Pilipinas.

•February 13, 1565 –Dumating si Legaspi para sakupin ang Pilipinas.

•Ipinag-utos ng hari ng Espanya na turuan ng wikang Kastila ang mga katutubo.

•Hindi itinuro ng mga kastila ang kanilang wika, sa halip sila ang nag-aral ng wika ng mga katutubo.

•Ginawang sapilitan ang pag- aaral. Wikang Kastila sa pamahalaan, vernakular sa mga paaralan.

•Gayunpaman, nakabuti ang pasyang ito dahil nasimulan ang paglinang sa mga rehiyonal na wika.

•**Romanisasyon ng Alibata o Alpabetong Romano (Abecedario)**

-may dalawampu't siyam (29) na titik, limang (5) patinig o vocales at dalawampu't apat (24) na katinig o consonantes.

•Ang Alphabetong Romano ay pinagbatayan ng Abakadang Tagalog na may dalawampung (20) titik.

**PANAHON NG PROPAGANDA AT HIMAGSIKAN 1872-1898**

•Panahon ng Kamulatan – namulat ang isipan at damdaming makabayan ng mga Pilipino.

•Pinangunahan ng pangkat ng mga Ilustrado: Rizal, Luna, Del Pilar, Lopez Jaena atbp.

•Nakapag-aral sa ibang bansa – Espanya (Europa)

•Natuto ng ibang ideolohiya (Nasyonalismo at demokrasya)

### KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA (cont)

•Naitatag ang Kartilya ng Katipunan (Emilio Jacinto) na nakasulat sa wikang Tagalog.

•Maraming naisulat na akdang pampanitikan sa wikang Tagalog tulad ng tula, sanaysay, kuwento, liham at talumpati upang magising ang mga Pilipino.

•November 1, 1897 – Sa pamamagitan ng Saligang Batas ng Biak-na-Bato- nakasaad na "Ang Wikang Tagalog ang siyang magiging wikang opisyal ng mga Pilipino."

•Itinadhana sa Artikulo 123 na ang ituturo sa elementarya ay wastong pagbasa, pagsasalita at pagsulat ng wikang opisyal na Tagalog at ang pangunahing simulain ng Ingles.

**PANAHON NG AMERIKANO 1898-1990**

•Ang pagdating ng mga Amerikano ay nagbunsod ng malaking pagbabago sa kalagayang pangwika sa Pilipinas. Nagpatayo ng pitong pambayang paaralan sa Maynila. Naging unang guro ang mga sundalong Amerikano (Thomasites) na nagturo ng Ingles.

•March 4, 1900 – Alinsunod sa Pangkalahatang Kautusan Blg. 41, si Kapitan Alberto Todd ay nagsagawa ng mga hakbang tungo sa pagtatatag ng isang sistema ng edukasyon.

1. Pagtatag ng isang komprehensibong modernong sistema ng edukasyon.
2. Paggamit sa wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo.
3. Pagpapatupad ng patakarang sapilitang pagpasok sa paaralan.

•1901 – Pinagtibay ng Philippine Commission sa Bisa ng Batas 74 na gawing panturo sa mga paaralan ang wikang Ingles.

### KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA (cont)

•Oryentasyon ng mga Amerikano sa Edukasyon – Pagpilit sa paggamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo.

•Malugod itong tinanggap ng mga katutubo dahil mabuti ang pakikisama ng mga Amerikano

•Uhaw ang mga Pilipino sa isang uri ng pag-aaral na liberal: Mga Paksa sa Paaralan: Kulturang Amerikano, Literatura, Kasaysayan, Pulitika at Ekonomiya.

•Ipinagbawal ang pag-aaral sa anumang bagay sa Pilipino.

•Nagkaroon ng Alphabet (A is for Apple kahit walang apple sa Pinas.)

•Lokal – baduy,

•Promdi / Imported – With Class, Sosyal.

•Pinaghalo ang wikang English at Tagalog (Enggalog o Taglish)

•Nagkaroon ng Cebuano-English, Ilokano – English at Carabao-English.

### KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA

**PANAHON NG HAPON 1942-1945**

•Sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig

•Nasarado ang lahat ng mga Paaralan.

•Sa muling pagbubukas nito, ipinagamit na wikang panturo ang wikang katutubo.

•Sa pamamagitan ng paaralan ay pinasimulan nila ang paglaganap ng ideolohiyang Hapones.

•Ibig ng mga Hapones na malimutan ng mga Pilipino ang wikang Ingles.

•Naging maunlad ang wikang pambansa, umunlad ang panitikang Pilipino.

•Inalis sa kurikulum ang wikang Ingles, sapilitang ipinalit ang Wikang Pambansa at Nihonggo.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

## KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA (cont)

•Mga Paksa ng Pagtuturo: Pamumuhay at Kulturang Hapones, Kasaysayan ng Silangang Asya, Mga Awiting Pilipino at Hapones.
•Binuksan ang isang Surian ng Tagalog na magtuturo ng tagalog sa mga gurong hindi tagalog.
•Walang kumontra sa mga panukala dahil takot ang lahat sa mga Hapones.
**PANAHON NG BAGONG REPUBLIKA 1946-1972**
•Hulyo 4, 1946 – Batas Komonwelt Blg. 570 – ang wikang pambansa ay isa nang Wikang Opisyal sa Pilipinas.
•1946 – ang wikang pambansa ay tatawaging "**Wikang Pambansang Pilipino.**"
•1951 – Ang Wikang Pambansa ay tatawaging "**Wikang Pilipino.**"
•Marso 26, 1954 – Nilagdaan ni **Pang. Ramon Magsaysay** ang *Proklamasyon Blg. 13*, ang •Pagdiriwang ng Linggo ng Wika tuwing Marso 29-Abril 4
•Setyembre 23, 1955 – *Proklamasyon Blg. 186* – Inilipat ang petsa ng pagdiriwang sa Agosto 13-19. Itinapat sa kaarawan ni Pang. Quezon.
•Agosto 13, 1959 – *Kautusang Pangkagawaran Blg. 7* – ang wikang pambansa ay tatawaging "**Pilipino**".
•1970 – *Resolusyon blg. 70* – Ang wikang pambansa ay naging wikang panturo sa antas elementarya.
•Hulyo 29, 1971 - *Memorandum Sirkular 488*– magdaos ng palatuntunan sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa, Agosto 13-19.
•Muling binuo ni Pang. Marcos ang **SWP** at itinakda ang mga kapangyarihan nito.
**PANAHON NG BAGONG LIPUNAN 1972-1985 1972**

## KASAYSAYAN AT PAG-UNLAD NG WIKANG PAMBANSA (cont)

•*Saligang Batas ng 1972 (Art. XV, s.2-3)* – Ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na paggamit ng pambansang wikang tatawaging Fiipino at hangga't di binabago ang batas,
•Ang Ingles at Fiipino ang mananatiling mga opisyal na wika ng Pilipinas.
•1973 – *Resolusyon Blg. 73-7*– Patakarang Edukasyong Bilingguwal
•September 10, 1983 – Ang Constitutional Commission ay inaprubahan na pormal na pagtibayin ang Filipino bilang wikang pambansa.
•1986- **KASALUKUYAN** – Oktubre 12, 1986 – pinagtibay ang implementasyon ng paggamit ng Filipino bilang pambansang wika.
•Enero 1987 – *Kautusang Tagapagpaganap Blg. 117* – pinalitan ang SWP ng LWP o **Linangan ng mga Wika sa Pilipinas**
•Mayo 1987 – Inilabas ni Dr. Lourdes Quisumbing (Kalihim ng Edukasyon) ang *Kautusang •Pangkagawaran Blg. 32*, FILIPINO – wika ng literasi, English – wika ng agham at teknolihiya.
•*Kautusang Pangkagawaran Blg. 81* – nagsagawa ng reporma sa alpabeto at sa mga tuntunin ng ortograpiyang Filipino. "Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino."
•Agosto 14, 1991 – *Batas Republika Blg. 7104*- Nilikha ang **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**
•Hulyo 15, 1997 – Nilagdaan ni Pang. Fidel V. Ramos ang *Proklamasyon Blg. 1041*. Nagpapahayag sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31.

## Antas ng WIka

**A. Pormal**
-mga salitang pamantayan dahil ito ay kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng karamihang nakapag-aral sa wika.
-Gumagamit ng bokabularyo na mas komplikado
kaysa sa ginagamit sa araw-araw na usapan.
*Dalawang Uri ng Pormal na Wika*
1. **Pambansa/Lingua Franca**
-ginagamit sa mga aklat, babasahain at sirkulasyong pangmadla.
-Ito ay wikang ginagamit sa mga paaralan at sa pamahalan at itinuturing na mga salitang higit na kilala o ginagamit sa pook na sentro ng sibilisasyon at kalakaran.
*Halimbawa:* aklat, ina, ama, masaya
2.**Pampanitikan**
-itinuturing na pinakamayamang uri dahil karaniwang ginagamit ang mga ito sa pagsulat ng masisining na akdang pampanitikan.
-ito ay nagaganap sa tuwing ang wikang pampanitikan ay malayang nagagamit sa pagkatha ng dula, katha,
-palabas at iba pang likhang pampanitikan. Gumagamit din ito ng idyoma, tayutay, at iba't ibang tono, tema at punto.
*Halimbawa:* mabulaklak na dila, di-maliparang utak, balat-sibuyas, taingang--kawali, nagbukas ng dibdib
*Tatlong Uri ng Impormal na Wika*
1. **Pabalbal/Balbal**
-may katumbas itong "slang" sa Ingles at itinuturing na pinakamababang antas ng wika.
-mga salitang pangkalye o panglansangan.
-tinatawag din itong singaw ng panahon sapagkat bawat panahon ay may mabubuong mga salita.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

## Antas ng WIka (cont)

-ito ay karaniwang nabubuo ng isang grupo tulad ng mga bakla na nagsisilbing koda nila sa kanilang pakikipag-usap.
*Halimbawa:* parak – pulis, eskapo – takas sa bilangguan, istokwa – naglayas, juding – bakla, tiboli – tomboy, balbonik – taong maraming balahibo sa katawan
2. **Kolokyal**
-mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw na hinalaw sa pormal na mga salita.
-nagtataglay ng kagaspangan ang mga salitang ito subalit maari rin namang maging repinado batay sa kung sino ang nagsasalita gayon din sa kanyang kinakausap.
-ginagamit din ito sa okasyong impormal at isinasaalang-alang dito ang mga salitang madaling maintindihan.
*Halimbawa:* lika – halika, naron – naroon, meron – mayroon, nasan – nasaan
3. **Lalawiganin/Panlalawigan**
-karaniwang salitain o dayalekto ng mga katutubo sa lalawigan gaya ng mga cebuano, batangeño, bicolano at iba pa na may tatak lalawiganin sa kanilang pagsasalita.
-Isang palatandaan ng lalawiganing tatak ay ang punto o accent.
-Ito ay mga salitang ginagamit ng mga tao sa isang partikular na pook o lalawigan.
*Halimbawa:* Kaibigan – Tagalog, Gayyem – Ilokano, Higala – Cebuano, Amiga – Bikolano

## VARAYTI AT VARYASYON NG WIKA

**Constantino (2002)**
-Pagkakaisa sa pagkakaiba. Pagkakaiba tungo sa pagkakaisa.
-Dito ay hayagan niyang iniugnay angnmalaking kinalaman o ugnayan ng wika sa lipunan at ang lipunang ito ay kinasasangkutan ng isang masining na kultura.
-Dagdag pa niya, *"Ang kultura ay hango sa mga tao at ang wika ay nagpapahayag ng espiritu/kaluluwa ng mga tao na bumubuo sa lipunan o komunidad."*
-Dahil sa ang mga tao ang siyang bumubuo sa lipunan at tao rin ang siyang dumidivelop ng kani-kanilang mga kultura, hindi ngayon maiiwasang magkaroon ng pagkakaiba-iba sa paniniwala, gawi, kaalaman pati na rin sa wika.
**Zosky**
-mayroong tinatawag na **varayti** ng wika o sub languages na maaaring iklasipika higit sa isang paraan.
-Tulad na lamang ng kanyang tinatawag na idyolek, dayalek, sosoyolek, rejister, estilo at moda, rehiyon, edukasyon, midya, atityud at iba pa.
**Varayti**
-ang wika ay heterogeneous o nagkakaiba-iba, dala ito ng nagkakaibang pangkat ng tao na
may iba't ibang lugar na tinitirahan, interes, gawain, pinag-aaralan at iba pa.
-pagkakaroon ng natatanging katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-sitwasyunal.
**Varyasyon**
-sa pagdaan ng panahon, nagiging espesyalisado ang gawain at tungkulin at ito ay nagreresulta ng pagkakaiba-iba ng kultura at wika na siyang nagiging panukat sa progreso ng tao.

## Konsepto ukol sa Varayti at Varvasyon ng Wika

1. **Dayalek o Dayalekto**
-varayting nakabatay sa lugar, panahon at katayuan sa buhay.
-nakikita ito kaugnay sa pinanggalingang lugar ng tapagsalita o grupo ng tagapagsalita.
2. **Idyolek o Idyolekto**
-varayti na kaugnay sa personal na kakanyahan ng tao sa paggamit ngwika ng partikular na indibidwal,
-ang paggamit ng partikular na bokabularyo nang madalas
3. **Sosyolek**
-ang varayting sinasalita ng mga tao sa isang lipunan,
-nagtatakda ito ng klasifikasyon ng mga mamamayan batay sa antas ng kanilang pamumuhay, interes, hilig at kasarian.
4. **Rejister**
-varayting kaugnay sa panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Ito ay tumutukoy sa espesyalisadong paggamit sa wika upang makilala ang espesipikong domeyn o gawain.
5.**Estilo**
-varayti na kaugnay ng relasyon ng nagsasalita sa kausap.
-Maaaring ito aynformal, kolokyal at personal.
6. **Mode**
-varayting kaugnay sa midyum na ginagamit sa pagpapahayag tulad ng pasalita o pasulat.

## Teorya ng Wika

1. **Tore ng Babel**- bible
2. **Bow-Wow**- hayop
3. **Ding-dong**- kalikasan
4. **Pooh-pooh**- masidhing damdamin
5. **Yoo-he-yo**- pwersang pisikal
6. **Yum Yum**- galaw o pagbabago ng posisyon ng dila



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

## Teorya ng Wika (cont)

7. **Ta-ra-ra-boom-de-ay**- tunog galing sa mga ritwal.
8. **Sing-song**- musikal o pag-awit
9. **Ta-ta**- galaw o kumpas ng kamay
10. **Mama**- pinakamadaling pantig
11. **Coocoo**- nilikhang tunog ng sanggol
12. **Lala**- romansa
13. **Hey, you!**- pagkakakinlanlan
14. **Bubble Lucky**- walang kahulugang bulalas, swerte
15. **Hocus Pocus**- mahikal
16. **Eureka**- pag-imbento, success=eureka!

## Pagbabago ng Alpabeto

1. Baybayin
2. Alpabetong Romano
3. Abakadang Tagalog
4. Alpabetong Ingles
5. Alpabetong Pilipino

## Pagbabago sa Surian ng Tagalog

SWP- Surian ng Wikang Pambansa
LWP- Linangan ng Wika sa Pilipinas
KWF- Komisyon ng Wikang Filipino



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com